Form NLRB-707
(4-2015)

## Estados Unidos ng Amerika
## Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa

# ABISO NG HALALAN

**LAYUNIN NG HALALAN: Itong halalan ay para alamin ang kinakatawan, kung mayroon man, ang ninanais ng mga empleyadong nararapat bomoto para sa mga layunin ng palansak na kasunduan. (Para sa diskripsyon ng mga empleyadong maykarapatang bomoto, tingnan ang PANGKAT NG PAGBOTO dito sa Abiso ng Halalan.) Ang mayoriya ng mga tunay na balota ay siyang magpapasiya sa resulta ng halalan. Iisa lang ang may balidong pagkatawan ng halalan ang maa-aring ganapin sa loob ng 12-buwang panahon.**

**LIHIM NA BALOTA: Ang halalan ay sa pamamagitan ng lihim na balota sa ilalim ng pangangasiwa ng Patnugot ng Rehiyon ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa (NLRB). May halimbawa na opisyal na balota ang ipapakita sa susunod na pahina nitong Abiso. Ang mga botante ay pinapayagang bomoto nang walang manghihimasok, pipigil, o mamimilit. Ang pangangampanya ay hindi pinahihintulotan sa lugar o malapit sa lugar ng botohan. Ang paglabag nitong mga panuntunan ay dapat na iniuulat agad sa isang ahente ng NLRB. Ang iyong atensyon ay tinatawag na tignan ang Seksyon 12 ng Batas ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa na nagbibigay ng: SINOMANG TAONG KUSANG LOOB NA LABANAN, PIGILAN, HADLANGAN, O GAMBALAIN ANG SINUMANG MIYEMBRO NH LUPON O SINUMANG AHENTE NITO O AHENSIYA SA PAGGANAP NG TUNGKULIN ALINSUNOD SA BATAS AY PARURUSAHAN NG MULTA NA HINDI HIHIGIT SA $5,000 O NG PAGKABILANGGO NG HINDI HIHIGIT SA ISANG TAON, O PAREHO.**

**MGA TUNTUNIN UPANG MAGKAROON NG KARAPATANG BOMOTO: Ang mga empleyadong may karapatang bomoto ay ang mga inilarawan sa PANGKAT NG HALALAN sa susunod na pahina at kasama dito ang mga empleyadong hindi nagtrabaho sa itinalagang panahon ng peyrol dahil sila ay may sakit o nagbakasyon o temporaryong natanggal sa trabaho. Ang mga empleyadong umalis sa trabaho o may dahilan na pinatalsik sa trabaho mula sa itinalagang panahon ng peyrol at hindi uli i-nimpleyo o ibinalik sa trabaho bago sa petsa nitong eleksyon ay *hindi* nararapat bomoto.**

**ESPESYAL NA TULONG: Sinumang empleyado o ibang mga kalahok na may kapansanan o nanganga-ilangan ng espesyal na tulong tulad ng isang tagapagsalin ng senyas na salita upang lumahok sa halalan dapat paaalamin ang opisina ng NLRB sa lalong medaling panahon at humiling ng mga kinaki-ilangang tulong.**

**PROSESO NG PAGBOTO: Sa pagdating sa lugar ng botohan, ang mga botante ay dapat magpatuloy sa ahente ng Lupon at ipakilala ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagpahayag ng kanilang pangalan. Ang ahente ng Lupon ay magbibigay ng balota sa bawat nararapat na mga botante. Ang mga botante ay papasok sa kubol ng pagboto at mamarkahan ang kanilang balota ng palihim. HUWAG LAGDAAN ANG IYONG BALOTA. Itupi ang balota bago umalis sa kubol ng pagboto, pagkatapos ay personal na i-deposito ito sa kahon na pang balota na pinapangasiwaan ng ahente ng Lupon at umalis sa lugar ng botohan.**

**HAMON NG BOTANTE: Kung ang iyong karapatang bumoto ay hinamon, ikaw ay papayagang bumoto ng hinamong balota. Kahit na sa paniniwala mo ikaw ay nararapat bumoto, ang botohan ay hindi ang lugar na kung saan lulutasin ang isyu. Ibigay sa ahente Lupon ang iyong pangalan at iba pang impormasyon na itatanong sa iyo. Matapos mong nakatanggap ng balota, pumunta sa kubol ng pagboto, markahan ang iyong balota at itupi ito upang manatiling lihim ang marka. HUWAG LAGDAAN ANG IYONG BALOTA. Bumalik sa ahente ng Lupon na**

---

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.

Form NLRB-707
(4-2015)

Estados Unidos ng Amerika
Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa

# ABISO NG HALALAN

**hihilingin sa iyo na ilagay ang iyong balota sa isang sobre, isarang mabuti ang sobre, ilagay ito sa kahon ng mga balota, at umalis sa lugar ng botohan. Ang iyong pagiging karapat-dapat na botante ay lulutasin sa ibang pagkakataon, kung kinakailangan.**

**MAY PAHINTULOT NA TAGAMASID: Bawat partido ay maaaring magtalaga ng katumbas na numero na tagamasid, ang numerong ito ay ipapasiya ng NLRB. Itong mga tagamasid (a) nagsisilbing mga pamato sa pagbibilang ng mga balota; (b) tumulong kilalanin ang mga botante; (c) hamunin ang mga botante at mga balota; at (d) kung hindi man ay tulungan ang NLRB.**

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.

Form NLRB-707
(4-2015)

**Estados Unidos ng Amerika**
**Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa**

# ABISO NG HALALAN

## PANGKAT NG PAGBOTO

**MGA EMPLEYADONG MAY KARAPATANG BOMOTO:**

**Ang mga nararapat bomoto ay: Lahat na full-time at regular na part-time na mga taga-produksyon at maintenance na mga empleyado, nabibilang ang mga Assemblers, mga Assembly-Leads, Bracket Cell Operator Leads, Bracket Cell Operator, Cell Coordinators, CNC Machine Operators, CNC Machine Operator Leads, CNC Technicians, Deburr Operator Leads, Deburr Operators, Hone Operators, Maintenance Mechanics, Parts Movers, Receiving Clerks, Sheet Metal Mechanics, Sheet Metal Mechanic Leads, Shipping/Receiving Clerks, Tool Crib Attendants, Toolmakers, and Welders, na nagtratrabaho sa Taga-empleyo sa mga pasilidad na nasa 2600 94th Street SW, Everett, Washington at 2300 Merrill Creek Parkway, Everett, Washington na natratrabaho sa Taga-empleyo noong panahon ng peyrol na nagtatapos sa Abril 12, 2015.**

**MGA EMPLEYADONG WALANG KARAPATANG BOMOTO:**

**Yung mga walang karapatang bomoto ay: Ang lahat na iba pang mga empleyado, mga Quality Engineers, Quality Clerks, Production Control Administration, Scheduling Administration, Master Schedulers, Schedulers, Manufacturing Engineers, Planners, Production Administration, Planner-CAD Drafters, mga empleyado na klerk sa opisina, mga propesyonal na empleyado, at mga guwardiya at superbaysor na tinutukoy sa Batas.**

**IBANG MAAARING BOTOMO: Sa oras na ito, wala pang desisyong naisagawa tungkol sa mga Tagamaneho, mga Document Control Clerks, Programmers, Inspectors at Inspector Leads na kasama sa, o hindi kasama sa, pangkat ng kasunduan, at indibidwal sa natukoy na mga pag-uuri na maaaring bomoto sa halalan subalit ang kanilang mga balota ay hahamunin dahil hindi pa nalalaman ang kanilang katangiang angkop. Ang mga karapatan o pagsasama nitong mga indibidwal ay lulutasin kung kinakailangan, matapos ang halalan.**

## PETSA, ORAS AT LUGAR NG HALALAN

| | | |
|---|---|---|
| Thursday, May 14, 2015 | 3:30 p.m. to 5:00 p.m. | Employer's facility located at 2600 94th STREET SW, EVERETT, WA |
| Thursday, May 14, 2015 | 3:30 p.m. to 5:00 p.m. | Employers facility located at 2300 MERRILL CREEK PARKWAY, EVERETT, WA |
| Friday, May 15, 2015 | 10:30 a.m. to 11:45 a.m. | Employer's facility located at 2600 94th STREET SW, EVERETT, WA |

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.

Form NLRB-707
(4-2015)

**Estados Unidos ng Amerika**
**Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa**

# ABISO NG HALALAN

**ANG MGA EMPLEYADO AY MALAYANG BUMOTO SA ANUMANG ORAS NA BUKAS ANG BOTOHAN.**

**LAHAT NG MGA BALOTA Ay IPAGHAHALO AT BIBILANGIN AGAD MATAPOS ANG HULING SESYON NG BOTOHAN.**

---

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.

Form NLRB-707
(4-2015)

# Estados Unidos ng Amerika
# Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa

# ABISO NG HALALAN

## ESTADOS UNISDOS NG AMERIKA

Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa

19-RC-150145

## OPISYAL NA LIHIM NA BALOTA

Para sa mga ilang empleyado ng

**GIDDENS INDUSTRIES, INC. d/b/a CADENCE AEROSPACE**

Gusto mo ban a ikaw ay i-representa sa layunin ng palansak na kasunduan ng

**INTERNATIONAL ASSOCIATION OF MACHINISTS & AEROSPACE WORKERS, DISTRICT LODGE 751?**

**MARKAHAN NG "X" SA KUWADRA NA IYONG NAPILI**

| OO | HINDI |
|---|---|
| ☐ | ☐ |

SAMPLE

**HUWAG PIRMAHAN ITONG BALOTA. Itupi at ihulog sa kahon ng mga balota.**

**Kung nasira mo itong balota, isauli agad sa ahente ng Lupon upang mapalitan ng bago.**

Ang Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa ay nag-iindorsyo ng sinumang pagpipilian sa halalan na ito. Anu mang marka ang iyong makita sa anumang halimbawang balota ay hindi ini-lagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa.

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.

Form NLRB-707
(4-2015)

## Estados Unidos ng Amerika
## Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa

# ABISO NG HALALAN

MGA KARAPATAN NG MGA EMPLEYADO - ANG BATAS NA PEDERAL AY NAGBIBIGAY SA IYO NG KARAPATAN NA:

- **Bumuo, sumali o tumulong sa isang unyon**
- **Pumili ng mga kinatawan upang makipagunawaan sa iyong taga-empleyo sa iyong ngalan**
- **Sama-samang kumilos ng iba pang mga empleyado para sa iyong kapakanan at proteksyon**
- **Piliin na hindi makisali sa anumang mga protektadong gawain**
- **Sa Estado na kung saan ang mga kasunduang ito ay pinahihintulutan, ang Unyon at taga-Empleyo ay maaaring sa isang legal na union-security na kasunduan na nangangailangan sa mga empleyadong magbayad ng pana-panahong bayaran at bayad sa bagong pagsapi. Ang mga hindi meyembro na nagpa-alam sa Unyon na hindi sila sang-ayon sa sa paggamit ng kanilang bayad para sa mga layunin na hindi nagrerepresenta ay kakailanganin lamang na mag bayad sa bahagi ng kanilang gastos para sa nagrerepresenta sa mga aktibidad (gaya ng mga palansak na kasunduan, pangangasiwa ng kontrata, at pagsasaayos ng karaingan).**

Resposibilidad ng Lupon ng Pambansang Ugyanan ng Paggawa ang pag protekta sa mga empleyadong sumasakatuparan ng kanilang mga karapatan.

**Nais ng Lupon na lahat ng nararapat na mga botante ay ganap na nakaka-alam tungkol sa kanilang mga karapatan sa ilalim na Batas na Pederal at parehong nais ng taga-Empleyo at Unyon na malaman ng mga botante kung ano ang inaasahan sa kanila kapag ito ay nagkakaroon ng halalan.**

**Kung ang mga ahente ng alinman sa dalawa, Unyon o taga-Empleyo ay mangambala sa iyong karapatan ng isang malayang, patas at tapat na halalan, ang halalan ay maaaring itabi ng Lupon. Kung naaangkop, ang Lupon ay nagbibigay ng iba pang mga remedyo, tulad ng pagbabalik sa trabaho ng mga empleyadong pinatalsik dahil ini-ehersisyo nila ang kanilang mga karapatan, kasama ang naantalang bayad mula sa partidong may pananagutan sa kanilang pagkatanggal.**

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga pag-uugali na humahadlang sa mga karapatan ng mga empleyado at maaaring magtabi ng halalan:

- **Pagbabanta ng pagkawala ng trabaho o mga benepisyo ng taga-Empleyo o Unyon**
- **Pag-papangako o pagbibigay ng mga pagtaas sa ranggo, bayad, o iba pang mga benepisyo, upang maka-impluwensya sa boto ng empleyado ng isang partido na may kakayahang isakatuparan ang mga naturang pangako**
- **Ang pagpapatalsik ng taga-Empleyo ng mga empleyado upang pahinain ang loob o hikayatin ang aktibidad ng Unyon o ang pagpatalsik ng empleyado gawa ng Unyon upang hikayatin ang mga aktibidad ng unyon**
- **Paggawa ng mga talumpating pangampanya upang mag buo ng grupo ng mga empleyado sa oras ng trabaho na kung saan ang pagdalo ay ipinag-uutos, sa loob ng 24-oras bago magbukas ang pagbobotohan o ang mga balota sa koreo ay denispatsa**
- **Sa pagbubuyo sa pamamagitan ng alinmang pangkat ng taga-Empleyo o Unyon ng pagkiling ng panlahi o panrelihiyon sa pamamagitan ng nagpapasiklab na apila**

---

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.

Form NLRB-707
(4-2015)

Estados Unidos ng Amerika
Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa

# ABISO NG HALALAN

- **Pagbabanta ng paggamit ng pisikal na lakas o karahasan sa mga empleyado ng isang Unyon o taga-Empleyo upang maka-impluwensya sa kanilang mga boto.**

Pinoprotektahan ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa ang iyong karapatang pumili ng iyong gusto.

**Ang hindi wastong pag-uugali ay hindi pahihintulutan. Ang lahat ng mga partido ay inaasahang ganap na makikipagtulungan sa Ahensyang ito sa pagpapanatili ng pangunahing mga prinsipyo ng isang patas na halalanna iniatas ng batas.**

**Kung sino mang may tanong tungkol sa halalan ay maaaring makipag-ugnayan sa Opisina ng NLRB sa (206)220-6300 o para matulungan bisitahin ang website ng NLRB sa www.nlrb.gov.**

**BABALA**: Ito ang tanging opisyal na abiso ng halalan at hindi dapat ibahin ang anyo ng sinuman. Anumang marka na maaari mong makita sa anumang halimbawang balota o kahit saan sa abiso na ito ay ginawa ng iba maliban sa Lupon ng Pambansang Uganayan ng Paggawa, at hindi ito inilagay ng Lupon ng Pambansang Ugnayan ng Paggawa. Ang Lupon ng Pambansang Unganayan ng Paggawa ay ahensiya ng Gobyerno ng Estados Unidos, at hindi nag-eendorso ng sinumang pagpipilian sa halalan.